# Pagtugon sa mga Alalahanin Tungkol sa Pagbabakuna sa Tigdas

Ang tigdas ay isang sakit na napipigilan ng bakuna. Nangangahulugan ito na ang isang bakuna ay maaaring makapigil sa mga tao na magkaroon at magpakalat ng sakit na ito. Ang pinakamahusay na depensa para mapigilan ang mga kaso sa hinaharap ng napipigil ng bakunang sakit ay ang pagpapanatili ng mataas na mga antas ng pagbabakuna sa Los Angeles County.

## 1. Ligtas ba ang mga bakuna?

Oo. Karamihan sa mga bakuna ay may banayad na epekto, tulad ng lagnat o pananakit sa paligid ng lugar ng pinag-iniksyonan. Minsan, ang mga bata ay may banayad na lagnat o mukhang mas pagod. Napakabihira ng mas malubhang epekto. Mas malamang na magkaroon ka ng mas seryosong mga problema sa kalusugan mula sa sakit, kaysa sa bakuna.

## 2. Ang mga bakuna ba ay nagdudulot ng awtismo (autism)?

Ang mga bakuna ay hindi nagdudulot ng awtismo. Ang kathang ito ay nagsimula sa depektibong pag-aaral na kalaunan ay binawi. Ang mga sumunod na pag-aaral ay walang natagpuang koneksyon sa pagitan ng mga bakuna at awtismo. Mas marami pang impormasyon tungkol sa mga pag-aaral na ito ang matatagpuan dito:
www.cdc.gov/vaccinesafety/concerns/autism.html

## 3. Epektibo ba ang mga bakuna?

Oo. Pinoprotektahan ng mga bakuna ang mga tao mula sa maraming mga malulubhang sakit. Halimbawa, ang bulutong ay napawi na sa buong mundo noong 1977. Ang polio ay hindi na kumakalat sa Amerika simula noong 1979. Napawi na ang tigdas sa Amerika noong 2000.

Sa kabila ng mga tagumpay na ito, ang mga sakit na napipigilan ng bakuna ay madaling kumalat kapag ang mga hindi pa nabakunahang manlalakbay ay nagdala ng virus mula sa ibang mga bansa patungo sa Amerika.

May maliit na tsansa na ang mga nabakunahan ng mga tao ay maaaring magkasakit sa panahon ng isang pagsiklab dahil walang bakuna ang 100% na epektibo. Ang bakuna sa tigdas ay 95% na epektibo sa pagpigil ng sakit.



### Mga Pangunahing Puntos:

- Ang pagbabakuna ang pinakamagaling na paraan upang mapigilan ang maraming sakit, tulad ng tigdas.
- Ang pagpapabakuna ay ligtas at epektibo.
- Ang pagpapabakuna ay pumoprotekta sa iyo at iyong komunidad mula sa mga seryosong mga sakit.
- Ang pinakamahusay na depensa laban sa mga kaso sa hinaharap ay ang pagpapanatili ng mataas na mga antas ng pagbabakuna sa Los Angeles County.

### Para sa mas marami pang impormasyon:

**Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention)**

**Mga Iskedyul ng Pagpapabakuna – Para sa Iyo at Iyong Pamilya**
https://www.cdc.gov/vaccines/schedules/

**Tigdas**
www.cdc.gov/measles/index.html

**Pahayag ng Impormasyon ng Bakuna (VIS) sa MMR**

www.cdc.gov/vaccines/hcp/vis/vis-statements/mmr.html

**Mga Madalas Itanong (FAQs) Tungkol sa Kaligtasan ng Bakuna para sa mga Magulang at Tagapag-alaga**

www.cdc.gov/vaccinesafety/caregivers/faqs.html

### 4. Paano nakakatulong ang mga bakuna sa pagpigil ng sakit sa mga indibidwal at komunidad?

Maaaring maprotektahan tayo ng mga bakuna mula sa pagkakaroon ng sakit at gayundin ang pagpigil sa pagkalat ng sakit sa komunidad. Ang sinumang hindi pa nababakunahan ay nasa mas mataas na panganib na magkasakit, tulad ng mga sanggol na napakabata pa para mabakunahan, mga taong may mga mahinang sistema ng imyunidad, at mga taong may malubhang alerdyi sa bakuna. Kapag mas maraming tao ang nakunahan na, ang antas ng proteksyon sa komunidad ay tumataas, at ang tsansa ng pagkalat ng sakit sa mga hindi pa nabakunahang mga tao ay bumababa.

### 5. Ano ang ginagawa ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para maitaguyod ang pagpapabakuna?

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County ay nagtatrabaho upang itaguyod ang mga bakuna sa pamamagitan ng:

- Pagtulong sa publiko na gumawa ng mga matalinong desisyon tungkol sa mga bakuna sa pamamagitan ng mga nakatutok na kampanya sa pagpapabakuna.
- Pagbibigay ng mga gabay, materyales na mapapag-aralan, at pagsasanay sa mga tagapagbigay ng bakuna upang masigurado na ang mga bakuna ay ligtas, epektibo, at ibinibigay sa tamang pasyente sa tamang oras.
- Pagtulong sa mga paaralan at mga sentro ng pinag-aalagaan ng mga bata na sundin ang mga kinakailangan sa pagbabakuna at pagtuturo sa mga mag-aaral at mga magulang tungkol sa mga batas na ito.
- Pagsasagawa ng pagsubaybay sa mga sakit na napipigilan ng bakuna at pagtugon sa mga kaso upang mapigil ang pagkalat.

### 6. Saan ka pwedeng pumunta para magpabakuna?

Tumawag sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) upang makakuha ng bakuna sa MMR. Kung wala kang seguro sa kalusugan o regular na nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan, bisitahin ang www.publichealth.lacounty.gov/ip/clinics.htm o idayal ang 2-1-1 para sa listahan ng mura o walang gastos na mga klinika ng pagpapabakuna, kabilang ang mga lokasyon ng Nagkakaloob ng Bakuna para sa mga Bata (Vaccine for Children) na nagsisilbi sa mga batang kwalipikado sa MediCal.

## Gusto mo pang malaman ang mas marami pa tungkol sa pagbabakuna?



**Paaralan sa California, Pinag-aalagaan ng mga bata/Pinag-aalagaan sa araw (childcare/daycare), mga Paaralan, Kolehiyo at Unibersidad**
**Impormasyon ng Pagpapabakuna**
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County
Programa sa Pagkontrol sa Sakit na Napipigilan ng Bakuna
publichealth.lacounty.gov/ip/index.htm

**Mga Kinakailangang Bakuna para Makapasok sa Paaralan**
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California
www.shotsforschool.org